Mga Bakuna sa COVID-19: Ano ang Dapat Malaman

Saan ako maaaring magpabakuna?

Paano ako gagawa ng appointment?

Sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan	Tumawag sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o gumawa ng appointment online
Mga klinika para sa maramihang pagpapabakuna	Bisitahin ang aming website: **vaccinelocator.doh.wa.gov/** O tumawag sa 1-800-525-0127, at pagkatapos ay pindutin ang #. Mayroong tulong sa wika.
Mga lokal na botika	
Mga pop-up o pang-komunidad na klinika	Iba-iba ito. Maaari mong marinig ang tungkol sa klinika mula sa isang kaibigan o miyembro ng komunidad. Tanungin sila kung paano mag-sign up.

Ano ang dapat kong dalhin sa aking appointment sa pagpapabakuna?

Maaaring hingiin sa iyo ang mga sumusunod, pero hindi mo kailangang ibigay ang mga ito:

- pagkakakilanlan
- insurance card
- social security number

Hindi mo kailangang maging mamamayan ng U.S. para makakuha ng bakuna. Hindi sila magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.

Gagamitin lamang ang personal na datos para sa mga layunin ng pampublikong kalusugan.

Magkano ang bakuna?

Ibinibigay ang bakuna nang walang bayad. Hindi ka dapat pagbayarin o singilin.

Kailangan ko ba ng pangalawang dosis?

Mayroong dalawang dosis ang ilang mga bakuna. Tatagal ng halos dalawang linggo pagkatapos mong makatanggap ng kumpletong bakuna para magkaroon ng pinakamabisang proteksyon. Maaaring kailanganin ng ilang tao ng booster na dosis.

Pfizer-BioNTech	2 dosis, na may 21 araw na pagitan
Moderna	2 dosis, na may 28 araw na pagitan
Johnson & Johnson	1 dosis

Para sa karagdagang impormasyon

Bumisita sa: COVIDVaccineWA.org o **DOH.WA.GOV/Coronavirus**

Tumawag sa: 1-800-525-0127, pagkatapos ay pindutin ang #. Mayroong tulong sa wika.

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

Ano ang mga hindi magandang epekto o side effect?

Maaaring magkaroon ka ng mga side effect.

Sa iyong buong katawan:

- Pagkapagod
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan
- Panginginig
- Lagnat
- Pagduduwal

Sa iyong braso kung saan ka binakunahan:

- Pananakit
- Pamumula
- Pamamaga

Para sa mga bakunang may dalawang dosis, maaaring mas malubha ang mga side effect pagkatapos ng pangalawang dosis.

Tumawag sa 911 kung mayroon kang allergic reaction. Mag-sign up para sa V-safe para iulat ang anumang side effect: **vsafe.cdc.gov**.

Mas mabuti ba ang isang bakuna kumpara sa iba?

Inirerekomenda namin ang pagkuha ng mRNA na bakuna sa COVID-19 (Pfizer-BioNTech o Moderna) sa halip na isang iniksyon ng bakuna ng Johnson & Johnson (J&J).

Mayroon pa ring bakuna ng J&J kung ito ang gusto mong kunin. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga opsiyon.

Ano ang ginagawa ng bakuna sa COVID-19?

Sinasanay ng bakuna sa COVID-19 ang iyong katawan na bumuo ng mga panlaban sa sakit na pumipigil sa iyong magkaroon ng sakit.

Ligtas ba ang mga bakuna?

Oo. Sinubukan ang lahat ng bakuna sa **libu-libong** tao.

Pinakitang ligtas ang mga ito sa mga taong may magkakaibang lahi at may mga kondisyon sa kalusugan tulad ng labis na timbang o obesity, diabetes, sakit sa puso, sakit sa atay, at HIV.

Palaging sinusuri ng Department of Health (Departamento ng Kalusugan) ang mga ulat sa kaligtasan para matiyak na walang mga alalahanin sa kaligtasan.

Bakit dapat akong magpabakuna?

Makakatulong ang pagpapabakuna sa iyong pagpapanatili ng kaligtasan sa trabaho at sa muling pakikipagkita sa iyong mga kailbigan at pamilya.

Magiging mas mababa ang pagkakataon mong malubhang magkasakit, ma-ospital, o mamatay nang dahil sa COVID-19.

Washington State Department of Health

DOH 348-804 December 2021 Tagalog

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.